

# Kamalayan ukol sa Pangmatagalang Pangangalaga gamit ang Antibiotic



## Ano ang Dapat Malaman ukol sa Urinary Tract Infections

Ang Urinary tract infections (UTI) ay ang isa sa mga pinaka karaniwang impeksyon ng mga residente na nasa mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga. Nangyayari ang UTI kapag nakapasok ang bakterya sa mga organ ng daluyan ng ihi tulad ng pantog, urethra, at minsan kahit sa mga bato. Maaaring kabilang sa mga sintomas ng UTI ang:

- ❖ Pag-ihing madalas
- ❖ Mahapding pag-ihing
- ❖ Pressure sa ibabang bahagi ng puso
- ❖ Kipot sa ibabang bahagi ng likuran
- ❖ Dugo sa ihi
- ❖ Mabahong amoy sa ihi

Para malaman na may UTI kapag may mga sintomas, kinokolekta ang sampol ng ihi at sinusuri kung mayroong bakterya ito. Gayunpaman, maaaring maging hamon ang tamang pagsusuri dahil sa iba't ibang dahilan. Kadalasan hindi malinaw na nasasabi ng matatanda na nasa lugar ng pangmatagalang pangangalaga ang tungkol sa kanilang mga sintomas. Maaaring umasa ang mga staff ng pangangalagang medikal sa mga pagbabago sa kilos ng residente o sa mga kaugaliang pagbabanyo ng mga residente bilang mga pahiwatig. Dahil karaniwang naninirahan ang bakterya sa pantog, lalo na sa matatanda, ang pagtuklas sa bakterya sa ihi lang ay hindi sapat para masuri ang UTI.

## Tungkol sa Mga Antibiotic

Ang mga antibiotic ay layong gamitin para gamutin ang mga impeksyong dulot ng bakterya. Hindi sila epektibo sa mga sakit na sanhi ng mga virus. Ang paggamit ng mga antibiotic kapag hindi sila kinakailangan, o kapag hindi wasto ang paggamit dito, ay maaaring humantong sa hindi pagtalab ng antibiotic, ibig sabihin hindi mapupuksa ng karaniwang mga antibiotic ang mga impeksyong dulot ng mga germs na ito. Maaari ding mangyari ang iba pang mga problema gaya ng hindi magagandang reaksyon, pagtatae, C. diff, at mga allergy. Ang mga resident na gumagamit ng mga antibiotic ay nasa malaking panganib ng pagkakaroon ng C. diff na impeksyon. Kapag binigyan ng antibiotic, dapat inumin ng resident ang gamot tulad ng itinagubilin. Titiyakin ng nursing staff na lahat ng dosis ay kumpletong naibigay.

